

Morpo-analisis ng wikang Tagalog at wikang Sugbuanun'g Binisaya: Pahambing na pag-aaral

Bacalla, Lita ✉

Cebu Normal University, Philippines (lolita_bacalla@yahoo.com.ph)

Received: 8 October 2018
Available Online: 2 July 2019

Revised: 22 April 2019
DOI: 10.5861/ijrse.2019.4902

Accepted: 29 May 2019

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstrak

Ang wika ay may kanya- kanyang kakanyahan. Layunin ng pag-aaral na matulungan ang mga Cebuano at Tagalog na maipabatid ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga panlapi sa Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya. 1) Masuri ang Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya sa morpemang ginagamit. 2) Matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba morpema ng salitang ugat. 3) Masuri ang pagkakatulad at pagkakaiba sa paglalapi at pagkakabit ng mga panlapi sa morpema. Gamit ang Kwalitatibong paraan ng pag-aaral. Deskriptibong paglalarawan ng dalawang wika. Batay sa ginagawang pagsusuri natuklasan na magkakahawig ang Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya sa mga morpemang ginagamit. Halos magkakatulad ang tuntunin sa pagkabit ng panlapi sa salitang ugat. May pagkakaiba ang dalawang wika sa termino na ginagamit. Ang morpemang makangalan at makauri ay maraming pagkakatulad samantala ang morpemang makadiwa ay magpapakaiba ng mga termino pati kung paano ito mabubuo at ang kahulugan. Hindi magkalayo ang dalawang wika kung ang pag-uuri ng morpemang salitang ugat, morpemang makangalan, morpemang makauri at morpemang makadiwa. Batay sa natuklasan, ang panlaping [a] ay panlapi na ginagamit sa wikang SB na magagamit sa tatlo sa makangalan, makauri at makadiwa na wala sa wikang Tagalog. Mas maraming panlapi ang Wikang Sinugbuanong Binisaya kaysa Wikang Tagalog ngunit kapwa magkahawatig ang dalawang wika.

Susing Salita: morpema; panlapi; salitang ugat; morpo-analisis; pahambing

Morpo-analisis ng wikang Tagalog at wikang Sugbuanun'g Binisaya: Pahambing na pag-aaral

1. Introduksyon

Ang wika ay may kanya- kanyang kakanyahan. Ito ay ginagamit ng tao bilang kasangkapan upang may pagkakaunawaan sa taong kausap at sa komunidad na ginagalawan. Ayon kay Arrogante (2007), ang wika ay sumasalamin sa kultura, kaisipan, kasanayan at sining ng sambayan. May sariling pekyularidad at sariling pamamaraan ng pag-aaral. Ipinahihiwatig na ang bawat wika ay may sariling identidad na makikita mismo kung sino ang nagsasalita at kung paano niya ginagamit sa pakikipagtalastasan. Hindi maipagkakaila na maraming mga mananaliksik na nag-aaral sa iba't ibang wika lahat ay may layunin at isa na rito ang pag-aaral ni Zorc (1987) na "The Bisayan Dialect of the Philippines subgrouping and Reconstruction" na natuklasan na kahit magkasubgrop ang mga lugar at diyalektong ginagamit may mga bahagi na hindi nagkakaunawaan. May mga bisayan ispiker na makaintindi sa ilang bisaya ngunit hindi sa lahat na pagkakataon. Tulad ng mga Cebuano ay hindi sila makakaintindi ng Waray at hindi rin sila makapagsalita ng Waray samantala ang mga Waray ay nakaunawa sa Binisayang Sebwano.

Sinusundan naman ito ng pag-aaral ng "Cebuano Verb Morphology an Application of Case Grammar" ni Lusares (1991). Sinusuri nito ang tuntunin ng pandiwa sa bawat pangungusap ng Wikang Cebuano. Natuklasan sa kanyang pag-aaral na Cebuano Verbal Morphology is rule-governed. It also has shown that semantics plays a significant part in dictating the final surface form of the verb." Nakasentro ang pag-aaral na ito sa pandiwa ngunit nakasulat ito sa Ingles at inihambing sa Ingles grammar. Kaya nahimok ang mananaliksik na magkakaroon ng hambingan pag-aaral sa wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya dahil kadalasan sa ginawang pag-aaral ay nakabase sa Ingles. Isa sa mga dahilan din ay ang pagtugon sa batas R.A. 10533 na humikayat na gamitin ang unang wika sa pagtuturo mula kinder hanggang ikatlong baitang ng Mother Tongue Based Education. Hangad ng mananaliksik na makatulong ito sa kanilang lugar at bilang kagamitang pagtuturo. Bukod dito ay para mapahalagahan ang isang wika lalo na pagdating sa lokal dahil may mga maling konsepto sa pag-aaral ng wika mula sa atin kung bakit kailangan pa itong pag aralan. Halaw rin sa aklat ni Wolf (1966) "Beginning Cebuano Part I", sinabi ng may-akda na ang pagkatuto ng isang wika ay isang bagay ng nakagawiang pagbubuo. Sa ganitong dahilan kaunting panahon sa klase ang uukol sa pagpapaliwanag sa balarila ng isang wika. Ang kasing katugunan ay di lamang malililang sa pagsasalita hinggil dito o sa pagsubok sa nilalaman nito kundi sa palagiang pagsasanay nito.

Sa aklat ni Chomsky (1957), "Synctatic Structures", nagpakita siya ng isang modelo, isang paraan ng paglalarawan ng "competence" ng isang tao sa paggamit ng wika. Katumbas ang "competence" na ito sa tinatawag ni Hamblot na "form". Sa ganitong paraan ang anyo ng wika ayon kay Chomsky ay yaong walang pagbabagong salik na nagbibigay-buhay at kahalagahan sa bawat particular na pagsasalita. Sa ibang salita, sa pamamagitan lamang kaalaman sa pinaloob na representasyon ng anyo ay maaring magkaroon ng kakayahan ang mga tao sap ag-unawa at paggamit sa isang wika. Samakatuwid kaya lang pagkakaunawaan ang dalawang taong nagtatalastasan ay sapagkat kapwa nila alam ang panloob na anyo ng wikang ginagamit. Para kay Chomsky, ang panloob na anyong ito ng isang wika ang siyang kailangang mailarawan sa balarila.

May kaugnayan ang pag-aaral na ito sa kasalukuyang pag-aaral dahil nakapokus ito sa mga pandiwa at parehong wika ang pina-aralan ngunit sa wikang Ingles ang pagkakaliwag samantala ang gagawin pag-aaral ay gamit ang wikang Filipino sa pagpapaliwag at ang lunsaran ang wikang Sinugbuanong Binisaya sa pagsusuri at batay sa pagsusuring ginawa bubuo ng glosaryo na wala sa iba. Bukod dito ay para mapahalagahan ang isang wika lalo na pagdating sa lokal dahil may mga maling konsepto sa pag-aaral ng wika mula sa atin kung bakit kailangan pa itong pag aralan. Sa Disertasyon ni Tanangkingsing (2009) natuklasan na ang panlaping Cebuano ay natatangi sa pagkakabit dahil nababago ang kahulugan kahit pareho ang anyo ng panlaping ginagamit

samantala ang ibang lenggwahe tulad ng Bengali, Marathi (Indo-Aryan), Tibetan, Newar (Tibeto-Burman) ay manatili ang kahulugan batay sa pagkakabit nito. Mas maraming panlapi ang ikinakabit sa Sinugbuanong Binisaya kaysa ibang dayuhang lenggwahe.

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa morpolohiyang pagsusuri ng Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya. Ang Wikang Tagalog ayon sa kasaysayan ay dating Wikang Pambansa kaya dahil sa mga linggwista ay naging maayos ang mga tuntunin at otograpiya nito. Ito ay nagsisilbing gabay sa pagbuo ng ibang wika na umiiral sa bansa. Dati naging superyor na wika ang pagtingin ng mga di Tagalog ispiker sa mga Tagalog native ispiker. Dahil sa katangian ng wika ay dinamiko at arbitrario ay may saligang batas na nagpapatupad na ang Wikang pambansa at tawagin Filipino nangangahulugan na hindi lang Tagalog kundi kasama na ang mga wika na umiiral sa bansang Pilipinas. Hindi maiiwasan na nakabatay ang paraan sa Wikang Tagalog kung paano ang pagkakabubuo ng mga salita at morpema. Ang Wikang Sinugbuanong Binisaya naman ay isa sa mga wika sa buong Pilipinas. Ang wikang ito ay may kaugnayan sa Indonesian subgroup na galing sa Austronesian family of languages na dating tinatawag na Malayo-Polynesian family of languages na isa sa mga pinakamalaking wika sa buong mundo. Tulad ng ibang wika ang Sinugbuanong Binisaya ay mayaman din sa mga panlapi gaya ma, ting, anon, ul, on, maka, mapa at marami pang iba.

Ang pag-aaral nina Oreiro (2016) at Martelino (2016) panlapi ay malaking kaugnayan sa isasagawang pag-aaral dahil ito ay tungkol sa panlapi ginagamit sa kanilang lugar. Katutubong wika tulad ng Itawit at Maranao na kailangan pagyamanin at pagyabungin bilang ambag ng pag-aaral sa wika ng Pilipinas. Hindi man gaano ka tanyag ang wikaing ito ngunit may mga taong gumagamit nito na kailangan icalang at unawain ang wika nila. Sa mga iskolar ng wika mahalaga na kilalanin ang mga wika sa iba't ibang sulok ng bansa upang makapagsagawa ng hambingan pag-aaral sa wika. Gaya ng Wikang Sinugbuanong Binisaya ay may kakaibang paraan din sa pagkakabit ng mga panlapi sa mga salita at mas mayaman din sa mga panlapi. May pag-aaral din isinagawa sa KWF tungkol sa paglalapi ng Wikang Pampango sa pangngalan at pang-uri isiniwalat sa pag-aaral na gumamit ng unlapi, gitlapi, hulapi at kabilaan. Ito may pagbabago ng salita tulad ng asimilasyong ganap, pagkakaltas at may glottal stop deletion din sila.

Ang mga nabanggit na kaugnayan na literatura at pag-aaral ay malaking tulong para mapalawak ang kasalukuyan pag-aaral. Sinusuri sa pag-aaral na ito ang mga uri ng morpema at halimbawa nito. Alamin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng morpemang ginagamit. Bunga nito, nilalayon ng pag-aaral na matulungan ang mga Cebuano at Tagalog na maipabatid ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga panlapi sa Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya.

2. Resulta at pagtalakay

Ang morpolohiya ay isang pag-aaral o pagsusuri sa mga morpema ng isang wika at pagsasama-sama nito upang makabuo ng isang salita. Ang morpema ay pinakamaliit na yunit ng salita na nagtataglay ng kahulugan. Ang salitang ugat (gamutpulong) ay mga salitang nagtataglay ng kahulugan kahit hindi nilalapan. Ang katumbas naman sa salitang ugat sa pinulungang Binisaya ay pulung Lintunganay o gamutpulong. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng salitang ugat o gamutpulong mula sa wikang Tagalog at ang katumbas na salita sa Sinugbuanong Binisaya.

Talahayan 1

Morpemang salitang ugat (gamutpulong)

Wikang Tagalog	Wikang Sinugbuanong Bisaya	Wikang Tagalog	Wikang Sinugbuanong Bisaya
anim	unom	hatid	hatud
apat	upat	itim	itom
bituin	bitoon	libing	lubong
kain	kaon	litaw	lutaw
hain	haon	lipad	lupad
halik	haluk		

Tala. Ilan sa mga salita ay kadalasang ginagamit sa pang-araw-araw na gawain.

Ang salitang nasa kaliwang hanay ay mga halimbawa sa salitang-ugat sa Wikang Tagalog. Sa kanang hanay naman ay mga salitang-ugat o gamutpulong sa Wikang Sinugbuanong Binisaya. Napapansin na may mga salitang ugat tulad ng *hatid-hatod*, *itim-itom*, at *kain-kaon* na halos magkatulad talaga at sa ponema lang ang nabago. Ang Tagalog ay may ponemang /i/ at ang binisaya ay may ponemang /o/. Mula ponemang /i/ ay nabago ito sa binisaya ng ponemang /o/. Ang *hatid-hatod*, *itim-itom*, at *kain-kaon* magkakatulad ng kahulugan. Kaya masasabing magkalapit sa isa't isa ang dalawang wika kaya hindi ito mahirap pag-aralan ng mga di-native ispeker. May pagkakataon sa wikang Tagalog ay ponema[i] ay nagiging ponemang [o] sa Sinugbuanong Binisaya.

Ayon kay Lachica (1994) dapat tandaan na ang wika ay hindi lamang puro tunog at pagbigkas. Mayroon din itong regulasyon sa palabigkasan, gramatika at semantika. Nasusunod ang mga ito sa pang-araw-araw na pakikisalamuha at pakikipagtalastasan ng tao sa kanyang komunidad. Isinasaad dito na ang wika ay hindi lamang nakatuon sa pagbigkas sapagkat ang bawat wika ay maaaring mahalaw sa pakikipaghalubilo sa bawat isa o di-kaya'y sa pook na kinatayuan kung saan puspusang naisakatuparan dito ang ebolusyon at pagkakaiba ng wika tulad ng wikang Tagalog at wikang Sinugbuanong Binisaya.

Talahanayan 1.1

Morpemang salitang-ugat

Wikang Tagalog	Wikang Sinugbuanong Binisaya	Wikang Tagalog	Wikang Sinugbuanong Binisaya
dayo	day-o	pangos	pang-os
hagot	hag-ot	pasan	pas-an
hilamos	hila-m-os	puson	pus-on
kanin	kan-on	sabit	sab-it
kawit	kaw-it	sipon	sip-on
kaysa	kay-sa	tabang	tab-ang
lagok	lag-ok	tamis	tam-is
luya	luy-a		

May mga salitang magkapareho ang baybay at kahulugan ang Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya ngunit ang mga salitang ito magkaiba ang pagbigkas dahil ang salitang Sinugbuanong Binisaya ay nagkakaroon ng impit na tunog sa pagitan ng patinig at katinig. Halimbawa ang mga salitang nasa itaas tulad ng salitang bago ay naging *bag-o*. Ang salitang tagalog ay bago na nangangahulugan bago ay walang gitling samantala ang Sinugbuanong Binisaya ay may gitling ngunit magkatutulad na magkatulad ang kahulugan. Luya ay naging luy-a sa Sinugbuanong Binisaya ganoon din ang padron sa mga salitang makikita sa talahanayan. Malumanay ang pagbigkas ng mga salitang Tagalog at ang wikang Sinugbuanong Binisaya. Ang tuntunin ng wikang Sinugbuanong Binisaya ay gumamit ng giyon o gitling sa paghihiwalay ng patinig o patingog at katinig o katingog.

Talahanayan 1.2

Morpemang salitang ugat

Wikang Tagalog	Wikang Sinugbuanong Binisaya
lamang	lang
salamín	samin
mababaw	babaw
salapi	sapi
bubuyog	buyog
butiki	tiki
bulaklak	bulak
daan	dan
dalaga	daga

Sa talahanayan sa itaas ay makikita ang mga salitang magkatulad ang kahulugan ngunit may pagkakaltas na nangyayari. Ang wikang Tagalog ay pormal ang mga salita samantala ang Wikang Sinugbuanong Binisaya ay nagkakaltas. Halimbawa ang salitang butiki ay naging tiki, bubuyog ay buyog, lamang ay lang, mababaw ay mabaw mataas ay taas, malayo ay layo, dalaga ay daga, kanila ay ila, kaniya ay iya. Ang salitang ito ay may

pagkakaltas na nangyayari sa unahan pantig. Ang kasunod na mga salitang may pagkakaltas ang salitang bulaklak ay naging bulak, daan ay dan, salapi ay sapi, salamin ay samin, bahay ay bay, dalaga ay daga. Kung pagtuunang pansin ang mga salita ito ay may pagkakaltas sa gitnang patinig mula wikang Tagalog. At ang ilang salitang tulad ng ulo ay naging ũ, ang opo ay o na kung saan pagkakaltas sa hulihang pantig ng salita. Ang wikang Sinugbuanong Binisaya ay di-pormal at kolokyal ang mga salita kaya madalas mapagkamalang walang mudo o walang galang bukod sa hindi pagsasalita ng opo at po ang mga salita din nila ay kinakaltasan. Ang Wikang Tagalog ay ang mga salitang pormal kung pagbabatayan. Isa din sa mga kultura ng mga Sebuano ay ay magpakatamad kung magsalita at palaging nagmamadali at laging tapusin agad ang pagsasalita. Bunga nito ay nagkakaroon ng mga maling persepsyon ng iba sa tao dahil sa paggamit ng wika at salita sa pakikipagtalastasan ngunit nagkakaunawaan dahil may pagkakatulad at may konting pagkakaiba.

May mga salitang sa wikang Tagalog at wikang Sinubuanong Binisaya ay magkakatulad ng kahulugan ngunit may pagkakaiba tulad ng mga ponema, may pagkakaltas at pagpapantig.

2.1 Morpemang Makangalan

Ang sinusuri ay batay sa morpema at ang kahulugan nito kung paano ginagamit. Ang panlapi ay mga kataga na walang saysay o kahulugan kapag hindi ikinakabit sa salitang-ugat ngunit kapag ikinakabit na ito ay makapagbago rin ng kahulugan sa mga salitang-ugat na maaring mauuri sa morpemang makangalan makangan, makauri (makapungway) at makadiwa (makapunglihuk). Ang Sinugbuanong Binisaya ay may panlapi din na tinatawag na linanggikitan. Ang unlapi ay tinatawag itong unanggikit. Ang gitlapi naman ay tinatawag na tunganggikit at ang hulapi naman ay tinatawag itong pangulhinggikit. Pungngan ang tawag ng pangngalan sa pinulungan Binisaya.

Ipinapakita sa talahanayan 2 ang paghahanay ng mga salita nasa morpemang makangalan o makangan.

Talahanayan 2

Morpemang Makangalan -Makangan

Wikang Tagalog	Kahulugan	Wikang Sinugbuanong Binisaya	Kahulugan
makangalan		makangan	
-an	nangangahulugan ito ng pook na kinaroonan o ginagampanan o panahon	ka- an/an	nangangahulugan ito ng pook na kinaroonan o ginagampanan
asinan		kasabutan	
usapan		kasagingan	
taguan		kadaruhan	
pasukan		kahumayan	
aklatan		kakahuyan	
bigasan		agianan	
palayan		bakasyunanan	
		tagboanan	
		lusotanan	
		uliananan	
		bughaanan	
		kantahanan	
		palitanan	
		abotanan	
		sibyaanan	
ka-an	nangangahulugan ng kaisipang abstrakto, pook	ka-an	nangangahulugan ng kaisipang abstrakto, pook
kapatiran		kawanangan	
kagandahan		kahimayaan	
karagatan		kalibutan	
kaligayahan			
tag-	nagsasaad ng panahon	ting-	nagsasaad ng panahon
halimbawa:		tingtugnaw	
tagtuyot		ting uwan	
tag init		tingbagyo	
taglamig		ting-init	
taglagas		tinghuwaw	
tagsibol		ting-ani	
tag-araw		ting- itlog	
tag-ulan		ting-anak	

Talahanayan 2 ... pagpapatuloy

Wikang Tagalog	Kahulugan	Wikang Sinugbuanong Binisaya	Kahulugan
taga-	nagsasaad ng lahing pinagmulan o gawain	tag-/tig-	nagsasaad pagmamay ari at nagsasaad ng lahing pinagmulan ng gawain
tagacavite tagaradyo taga-alok tagapanayam tagabigay		tag-iya (may-ari) tagdumala(tagapamahala) tagtungod(tigkalus(taga-igib) tighatod(tagahatid) tighukad(tagasugkay)	
ka- kapatid kabaro kapamilya kapuso kanayon kalaro kasama katuwang katulong kaagapay	nangangahulugan itong relasyon	ka-, ka-an, ka-han kabanayan kapulongan kaigsoonan kaig -agawan kasilinganan kahigalaan kabarangayan katigulangan kaparyentehan	nangangahulugan itong relasyon
mag-+pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat magtataho magtatanim mag-aaral maglalaba	nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay	mag+ paguulit ng unang pantig magtutudlo(guro) magsusulat(writer) magtutuon magpupulong maghuhukom mag-uuma magdadaro magsisibya	nagsasaad ng gawain o hanapbuhay
mang-+unang salita mang-aawit mangingisda manggagamot	nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay	ma-+ pag uulit ng unang manganganta mananagat mananambal	nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay
mapag- mapagtimpi mapagkumbaba mapaghiganti mapagbiro mapagbintang mapaghinala	nagsasasaad na may ugali	mapa- mapahitas on mapaubsanon mapailubon mapahiyumon mapanganduyon mapasagarun -a tuig-taon - tuiga bulak-bulaklak- bulaka baboy-baboy-baboya	nagsasasaad na may ugali ginagamit ang panlaping [a] pagbibigay diin sa pangalan

2.2 Morpemang Makauri

Ang morpemang Makauri ay ang mga panlaping ikinakabit sa salitang-ugat upang makabuo ng mga pang-uri. Ang tawag sa pang-uri sa Sinugbuanong Binisaya ay makapungway galing sa salitang pulong na naghulagway na ang ibig sabihin salitang naglalarawan.

Binibigyang tuon sa talahayan 3 ang mga halimbawa ng mga morpemang makauri.

Talahanayan 3

Morpemang Makauri (Makapungway)

Wikang Tagalog	Kahulugan	Wikang Sinugbuanong Binisaya	Kahulugan
makauri		makapungway	
ma-	nagsasaad ng pagkakaroon na isinasaad ng salitang-ugat o pagiging marami	ka-	nagtataglay o naglalarawan sa nararamdaman
mayaman		kaguol	
mabuti		kamingaw	
makisig		kahadluk	
mapuno		kapungot	
makitid		kalagot	
maganda		kakapoy	
mayabang		kagutom	
mala		on/hon	ito ay nagsasaad ng pagkakaroon ng isinasaad ng salitang-ugat upang maipakita ang katangiang higit pa sa karaniwang dami, laki, tindi at iba pa.
malasibuyas		humukon	
malapalasyo		gahion	
malarosas		hilason	
malakabayo		taason	
malaporcelana		gamayon	
pala	nagsasaad ito ng katangiang palagi o pauli- ulit ginagawa	pala	nagsasaad ito ng katangiang palagi o paulit-ulit ginagawa
palasulat		palauyab	
palabiro		palahubog	
palangiti		palainom	
palaisip		palakaon	
palakain		palailis	
ma-in-hin	nangangahulugan ito ng pagtataglay ng mataas na antas ng isinasaad ng salitang ugat	ma-in-on	nangangahulugan ito ng pagtataglay ng mataas na antas ng isinasaad ng salitang ugat nangangahulugan ito ng positibong katangian ng tao
madasalin		matinabangon	
maramdamin		masinabtanon	
matulungin		matinud anon	
masunurin		mabinantayon	
maawain		a	ginagamit sa pagbibigay diin sa pang-uri
		bugnaw- malamig bugnawa	
		lami-masarap-lamia	
		daghan-marami-daghana	
		gamay-maliit-gamaya	
		dako-malaki-dakoa	

Kapansin-pansin sa talahanayan na ang Wikang Tagalog (WT) ay may panlaping ma, mala, pala, ma-in-hin at sa Wikang Sinugbuanong Binisaya (WSB) naman ay may ka, on, hon, pala, ma-in-on. Walang panglaping ma na nag-iisa sa WSB hindi tulad sa WT may panlapi ma ang WSB ngunit may katimbang ito ng mga panlaping in, on, at hon. Sa panlaping ka(unlapi) naman sa WSB ngunit wala naman sa WT. Tumpak ang panlaping pala ay parehong-pareho talaga sa baybay at sa kahulugan kapag ito ay ikinakabit sa mga salitang ugat na nangangahulugan paulit-ulit na ginagawa. Ang dalawang wika ay may panlapi din na in ngunit magkaiba ito sa posisyon sa pagkabit. Sa talahanayan ipinapakita nito na ang in sa WT ay nasa hulihan o ginagamit bilang hulapi samantala sa SWB ay kinakabit bilang gitlapi ngunit ang pagsasamasama ng mga panlapi ito ay magkatulad na magkatulad ang kahulugan.

Sa kabuuan ang mga panlapi na ginagamit sa dalawang wika ay magkatulad na magkatulad ang tuntunin at ang pagkabuo sa morpoemang makauri.

2.3 *Morpemang Makadiwa (makalihuk)*

Ang Morpemang Makadiwa ay ang mga panlapi ng ginagamit sa pagbuo ng mga pandiwa. Ang katumbas ng pandiwa sa binisaya ay punghuk na galing sa salitang pulong ug lihuk na nangangahulugan ng mga salitang

nagsasaad ng kilos o aksyon. Sa tulong ng mga panlaping ito makakabuo ito ng mga salitang nag-aanyong pandiwa kapag kinakabitang ng mga panlaping ito.

Makikita sa talahanayan 4 ang mga halimbawang morpemang makadiwa.

Talahanayan 4

Morpemang Makadiwa- Makapunglihu

Wikang Tagalog	Kahulugan	Wikang Sinugbuanong Binisaya	Kahulugan
makadiwa		makalihuk	
i-	nagsasaad ng paggamit ng isang bagay at nasa pokus kagamitan	i-/ipa-	nagsasaad na gagawin pa ang kilos nagsasaad din ng paggamit ng isang bagay
ibigay		ihatag	
isulat		itunol	
ibasa		ililong	
ihawalay		ilabay	
iguhit		ihilak	
iinom		ikatawa	
um-	ang panlaping um ay maaaring unlapi o gitlapi ayon kung ano ang unang ponema ng salitang-ugat na nilalapan. ito'y ginagamit sa pokus tagaganap ng kilos	gi	nagsasaad na kasaluyang isinasagawa ang kilos na walang pag-aalinglangan
tumakbo		gilabay	
lumundag		gitabunan	
lumayas		gihatag	
uminom		gitaho	
lumiban		gilabay	
ma-	nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na isinasaad ng salitang ugat at nagsasaad ng di-sinasadyang pagganap	mi-	nagsaad na kasalukuyan ginagawa at nasa pokus tagaganap
masulat		midawat	
malaro		mikaon	
maluto		milabay	
maupo		mikatawa	
mag-	ito'y laging inilagay sa unahan ng salitang-ugat. ginagamit din sa pokus tagaganap at nagsasaad ng kilos. ito'y likas na pandiwang palipat	mo	nagsasaad ng kilos na panghinaharap o akmang gagawin ang isang bagay o tagaganap ng kilos
magsulat		moduaw	
maglaro		mokalawat	
mag-araro		motabang	
maghakot		mosiyagit	
magbasa		molakaw	
magsayaw		moamen	
ka-an/han	may kahulugang gawin sa paksa ang kilos ng pandiwa	nag	nagsasad sa kilos ng kasalukuyang ginagawa
kasuya		nagyawyaw	
kabaliwan		naghilak	
kabagutan		naglaba	
kainisan		nagbakho	
kagalitan		nagdagan	
isa-	may kahulugan ilagay sa kalagayan nasa salitang-ugat ang paksa	nang-	nagsasaad ng kilos na akmang ginagawa
isatabi		nanghilam-os	
isakatawan		nangadye	
isakwento		nanglimpyo	
isapelikula		nanglaba	
isabuhay		nanghimasa	
maki-	nagsasaad ng pakiusap upang sumama sa ibang tao sa pagganap sa kilos ng pandiwa	mag-	ito ay laging inilagay sa unahan ng salitang-ugat. ginagamit din sa pokus na tagaganap at nagsasad ng kilos. ito'y likas sa pandiwang palipat
makibigay		maghulat	
makisuyo		magtuon	
makilagay		magsulat	
makihulog		magpasilong	
makihulog		maghimo	

Talahanayan 4 ... pagpapatuloy

Wikang Tagalog	Kahulugan	Wikang Sinugbuanong Binisaya	Kahulugan
mang-(mam-, man-)	may kahulugang maraming pagganap, kasing kahulugan at katulad ng mga- sa pokus	maka-	nagsasaad ng kakayahan sa pagkilos
mambato manghimok mambutas manghabol manghalik		makalupad makatugpa makadungog makakita makalukso	
magka-	nagsasaad ng pagkakaroon ng isang bagay	maka-	nagsasaad ng pagkakaroon ng isang bagay
magkasalapi magkalupa magkabahay magkaroon magkaganito		makasapi makauyab makabana makayuta makasakyanan	
maka-	nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na nasa salitang ugat	maga-	nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na nasa salitang ugat
makabasa makalaro makaguhit makalihok makagamot makabigay		magahatod magahigda magahilak magapamatuod magalutos magapamat	
magsi-	nasa anyong maramihan at nasa pokus tagaganap	makig-	nagsasaad ng kilos na ginanap na may kasama
magsilaro magsisulat magsilaba magsitulong magsiluto		makig-istorya makig-uban makighinabi makigsayaw makigsuroy	
mag-,an/-han	nagsasaad ito ng tambingang kilos ng sabayan	mag-in,-ay	nagsasaad ito ng tambingang kilos ng sabayan
maghiyawan magtakbuhan magmurahan magsuyuan magkainan magsubuan		magpinatiray magkinulatahay magnilibakay magsinabtanay magtinabangay magbinatiay	
papag-in/hin	nagsasaad na payagan o utusan ang tumutukoy sa paksa na gawin ang kilos na isinasaad ng salitang ugat	pag-	nagsasaad ng pagsasagawa ng kilos
papaglakbayin papagsulatin papaggupitin papagbasahin papagwalisin		paghubit pagsugyot paghukom pag-uyon pagsalmut	
		-a	ginagamit ang panlaping ito sa pagbago mula pang-uri tungo sa pandiwa na nagsasaad ng pag-uutos
		sagpa-sampal sagpaa-sampalin mo sumbag-suntok sambaga-suntukin mo	

Sa Wikang Tagalog may mga panlapi /i/, /um/, /ma/, /mag/ /ka-an/, /han//isa//maka//magsi//mag//an-han//papag//in-hin/. Sa Wikang Sinugbuanong Binisaya naman ay may /i//ipa//gi//mi//mo//nag//mag//maka//maga//makig//pag//mag//in-ay/.

Walang panlaping um, hin, papag sa SWB sa WT naman ay walang din gi, mo, nang, makig, mi at mag. Maraming hindi magkakatulad na panlapi na ginagamit sa dalawang wika ngunit kung papansinin mabuti na may kanya-kanya itong gamit upang makabuo ng morpemang makadiwa. Ang panlaping tulad ng i at ipa ay magakakahawig ang gamit nito sa dalawang wika pati narin sa panlaping magka at maka. Ang mag at mo ay halos magkakatulad din sa tuntuni at anyo ng paggamit.

3. Natuklasan

Batay sa ginagawang pagsusuri natuklasan na magkakahawig ang Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya sa mga morpemang ginagamit. Halos magkakatulad ang tuntunin sa pagkabit ng panlapi sa salitang ugat. May pagkakaiba ang dalawang wika sa termino na ginagamit. Ang morpemang makangalan at makauri ay maraming pagkakatulad samantala ang morpemang makadiwa ay magpapakaiba ng mga termino pati kung paano ito mabubuo at ang kahulugan. May mga panlapi na wala sa dalawang wika na kakaiba talaga.

Ang dalawang wika na Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya ay may mga makahawig na mga morpema ng salitang ugat na pareho ang kahulugan ngunit nagkaiba sa ponemang ginagamit. Ang tagalog ay kadalasan gumamit ng ponemang [i], samantala ang Wikang Sinugbuanong Binisaya ay ponemang [o], at [u] ang ginamit.

Ang wikang Tagalog ay pormal ang mga salita at mahinahon kung magsalita samantala ang wikang Sinugbuanong Binisaya ay madalas magkaltas dahil sa kultura nitong maypakatamad kung magsalita at palaging nagamamadali at gusto agad tapusin ang pagsasalita.

1. Ang wikang Tagalog ay malumay ang mga salita samantala ang wikang Sinugbuanong Binisaya nagkakaroon ng impit ng mga salita sa paggamit ng gitling o giyun.
2. Halos magkakatulad ang pagkabit at paglalapi sa morpemang makangalan, nagkaiba ito sa terminong ginagamit, ngunit mas maraming panlapi ang Sinugbuanong Binisaya kaysa sa Wikang Tagalog.
3. Nagkakaiba ang paraan ng pagkabit at paglalapi sa morpemang makadiwa o makalihuk. Maraming panlapi ang ginagamit, may panlaping wala ang Wikang Tagalog tulad ng [a], [i], [hi],[ig],[gi],[ul], [hay], [ming] ang panlaping [i], [hi],[ig],[gi] ay ginagamit bilang panlaping unahan at hulihan sa Wikang SB, samantala sa Wikang Tagalog ay kadalasan sa unlapi , at gitlapi, at walang panlaping [a].
4. Ang panlaping [a] sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay ginagamit sa tatlong morpemang makangalan, makauri, at makadiwa at ang panlaping ito ay wala sa wikang Tagalog.

4. Kongklusyon

Hindi magkalayo ang dalawang wika kung ang pag-uuri ng morpemang salitang ugat, morpemang makangalan, morpemang makauri at morpemang makadiwa. Batay sa natuklasan, ang panlaping [a] ay panlapi na ginagamit sa wikang SB na magagamit sa tatlo sa makangalan, makauri at makadiwa na wala sa wikang Tagalog. Mas maraming panlapi ang Wikang Sinugbuanong Binisaya kaysa Wikang Tagalog ngunit kapwa magkahawatig ang dalawang wika. Hindi mahirap pag-aralan ang dalawang wika.

4.1 Rekomendasyon

Batay sa mga resulta ng pagsusuri, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

- Magkaroon pa ng ibayong pag-aaral ng ilang bahagi ng pananalita para sa istruktura ng Wika lalo na sa Wikang Sinugbuanong Binisaya.
- Magkaroon ng ibayong pag-aaral na may kinalaman sa Ponolohiya ng Sinugbuanong Binisaya at ihambing ito sa Wikang Tagalog.
- Sanayin ang mga mga estudyante na magkaroon ng hambingang pagsusuri ng mga wika sa bansa.

5. Sanggunian

- Calara, L. P. (1996). *Mga panlaping makadiwa na gamit ng mga nagsasalit ng barayti ng Filipino sa mga pakikipag-ugnayang harap-harapan: Tungo sa isang Filipino "KOINE"*. Quezon City: KWF.
- Casanova, A. P., Batua, L. P., et al. (1984). *Sining ng komunikasyon (Pandalubhasaan)*. Quezon City: Rex Printing Company.
- De la Serna, L. L. (1994). *Exploring the Cebuano Language*. Cagayan de Oro City: Solo Printing and Graphic Design.
- Fruto, J. O. (1969). *English lexical errors induced by Cebuano grammatical and lexical pattern*. Cebu City: University of San Carlos.
- Guamen, P. C., at Espiritu, C. C. (1995). *Tanging gamit ng Filipino*. Quezon City: Rex Book Store.
- Lachica, V. S. (1994). *Komunikasyon at linggwistika*. Manila: Rex Book Store.
- Mante, R. F. (1971). *The educational significance of the difficulties of Cebuanospeakers in learning English: An attempt at linguistic cultural explanation*. Cebu City: University of San Carlos.
- Martelino, J. I. (2016). *A study of affixes and morphophonemic changes in nouns Maranao*. Manila: Philippine Normal University.
- Matic, A. J. (1996). *Linguistics*. USA: Oxford University Press.
- Moksir, M. (1970). *Hambingan pag-aaral ng mga panlapi sa Tagalog at Maranaw*. Surian ng Wikang Pambansa.
- Nopuli, D. J. (1996). *Linguistics*. USA: Oxford University Press.
- Ongoco, C. T. (1990). *Mga tulong sa pag-aaral sa Noli Me Tangere*. Quezon City: Manlapaz Publishing Company.
- Oreiro, A. (2016). *A study of affixes and morphophonemic changes in Itawit noun and adjectives* (Masteral thesis). Philippine Normal University, Manila, Philippines.
- Rubin, L. T. (1992). *Wika sa lipunang Pilipino*. Quezon City: Rex Book Store.
- Santiago, A. O. (1977). *Panimulang linggwistika sa Pilipino*. Manila: Rex Book Store.
- Tan, E. A. (1967). *A morpho-syntactic analysis of the Cebuano-Bisaya language and its corresponding influence on the learning of Pilipino by Cebuano speakers*. Cebu City: University of San Carlos.
- Tanangkingsing, M. M. (2009). *A functional grammar of Cebuano*. Cebu City: University of San Carlos.
- Tiukinhoy, N. O. (1981). *Isang pahambing na pagsusuri ng mga pandiwang di-karaniwan sa wikang Surigaonon at sa wikang Filipino sa larangan ng morpolohiya ayon sa taltong aspekto ng mga pandiwa*. Cebu City: Cebu State College.
- Trosdal, M. B. (1992). *Grammar of the Cebuano language*. Cebu City: Salvador & Pilar Sala Foundation.
- Uy, M. L. (1971). *Mga pagkakaugnay ng mga tunog at baybay ng mga "Cognate" sa Pilipino at Sebuano-Bisaya*. Cebu City: Dalubhasaang Normal sa Pilipinas.
- Wolf, J. U. (1966). *Beginning Cebuano Part I*. New Haven & London: Yale University Press.

